THE GOSPEL EXPLAINED

# Ang Pangako ng Diyos

WEEK 6

## WARM-UP

- Madali ba para sa iyo ang mangako? Bakit?
- May natanggap ka bang ipinangako sa iyo na higit pa sa inaasahan mo? Ikuwento ang nangyari.
- Sa bilang na 1 hanggang 10, gaano ka kagaling sa pagtupad ng iyong mga pangako? Ipaliwanag.

## WORD

*19 Mag-iisang daang taong gulang na siya noon. Alam niyang matanda na siya at mahina na ang katawan. Alam din niyang si Sara ay baog at hindi maaaring magkaanak. Ganoon pa man, hindi nanghina ang kanyang pananampalataya. 20 Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Diyos 21 dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Diyos ang kanyang pangako.* **MGA TAGA-ROMA 4:19–21**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 4:13–22.**)

Idiniin ni Pablo ang kahalagahan ng paniniwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagkuwento sa nangyari kay Abraham, isa sa mga ninuno ng mga Israelita. Si Abraham ay matanda na, mayaman, at maraming ari-arian, subalit wala siyang tagapagmana. Nang tawagin siya ng Diyos, sumunod siya at naniwala sa ipinangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng maraming apu-apuhan sa kabila ng kanyang edad. *Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya* habang pinararangalan niya ang Diyos (Mga Taga-Roma 4:20). Pinarangalan ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham sa pamamagitan ng pagtupad sa lahat ng ipinangako Niya. Tinitiyak sa atin ng ebanghelyo na tulad ni Abraham, tayo rin ay maaaring makatanggap ng mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngayon, titingnan natin ang dalawang katotohanan tungkol sa Diyos at sa Kanyang mga pangako.

## 1 Ang mga pangako ng Diyos ay ibinibigay at tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.

*[13]Ipinangako ng Diyos kay Abraham at sa kanyang lahi na mamanahin nila ang mundo. Ang pangakong ito ay ibinigay ng Diyos kay Abraham hindi dahil sa pagsunod niya sa Kautusan, kundi dahil itinuring siya ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya. . . . [16]Kaya nakabatay ang pangako ng Diyos sa pananampalataya, para ito'y maging biyaya ng Diyos at tiyak na matatanggap ng lahat ng lahi ni Abraham—hindi lamang ng mga Judio na sakop ng Kautusan, kundi maging ng mga hindi Judio na sumasampalataya ring tulad ni Abraham na ama nating lahat.* **MGA TAGA-ROMA 4:13,16**

(Basahin din ang **GENESIS 12:1–4.**)

Binigyan ng Diyos si Abraham ng isang pangako hindi dahil si Abraham ay naiiba o karapat-dapat tumanggap ng pagkilala. Nais ng Diyos na pagpalain ang mga pamilya at bayan sa mundo sa pamamagitan ni Abraham (Genesis 12:2,3). Nais ng Diyos na pagpalain ang Kanyang mga mamamayan at nangako Siyang tutuparin Niya ang mga ipinangako Niya sa kanila. Nais din Niyang makilala natin Siya at magkaroon tayo ng ugnayan sa Kanya. Dahil sa mga narinig na salita ng Diyos, si Abraham ay nanampalataya sa Diyos. Ano ang ilan sa mga ipinangako ng Diyos sa iyo? Ano ang ginagawa mo upang patatagin ang iyong pananampalataya sa Kanya na siyang nagbigay ng mga pangakong ito?

## 2 Ang ating pananampalataya ay tumatatag kung tayo ay ganap na naniniwala na tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

[20]*Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Diyos* [21]*dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Diyos ang kanyang pangako.* **MGA TAGA-ROMA 4:20,21**

Si Abraham ay lalong tumatag sa Kanyang pananampalataya dahil nanalig siya na ang Diyos ay matapat na tumutupad sa Kanyang ipinangako. Maaaring matanda na siya at mahina na ang katawan, subalit siya ay naniwala sa Diyos, na Siya ring *bumubuhay sa mga patay*. Si Sara man ay baog at *hindi maaaring magkaanak*, subalit ang Diyos na kanyang pinaniniwalaan ay *lumilikha ng mga bagay na wala pa* (Mga Taga-Roma 4:17). Maaaring tayo ay may kinakaharap na sitwasyon na tila wala nang pag-asa. Sa kabila nito, dapat tayong magtiwala sa Diyos dahil kagustuhan Niya ang tuparin ang Kanyang mga ipinangako, at may kakayahan Siyang gawin ito. Anong mahirap na sitwasyon ang kinakaharap mo ngayon? Anong pangako mula sa Diyos ang maaari mong panghawakan sa sitwasyong ito?

## APPLICATION

- May pangako ba sa buhay mo na hinihintay mong tuparin ng Diyos? Ano ang gagawin mo araw-araw upang lumakas sa iyong pananampalataya?

- Ano ang itinuturo sa iyo ng Diyos sa panahong ito habang naghihintay ka sa katuparan ng Kanyang mga ipinangako? Itala ang iyong mga naisip at balikan sila sa tuwing ikaw ay nababahala.

- Sino ang maaari mong hikayatin na patuloy na maniwala sa mga pangako ng Diyos ngayong linggo? Mangakong tatawagan o kaya ay padadalhan mo siya ng mensahe at ibahagi sa kanya ang katapatan ng Diyos sa buhay mo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging matapat sa pagtupad ng Kanyang mga ipinangako. Hilingin sa Kanya ang kakayahan na patuloy na maniwala sa Kanyang mga pangako anuman ang mangyari.

- Hilingin sa Diyos na palakasin ang iyong pananampalataya sa Kanya habang patuloy Niyang ipinakikita kung sino Siya sa iyo. Ipanalangin ng gaya ni Abraham, hindi ka mag-alinlangan sa mga ipinangako ng Diyos at sa halip, patuloy kang lumakas sa iyong pananampalataya at magbibigay ng papuri sa Kanya.

- Ipanalangin ang isang kaibigan o kamag-anak na humaharap sa isang mahirap o tila imposibleng sitwasyon ngayon. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga salitang puno ng pananampalataya na makapagbibigay sa kanya ng pag-asa.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph